Protocol para sa Youth Sports Programs

Ang mga tagubilin sa ibaba ay para sa Youth Sports Program (Programa para sa Youth Sports) na pinayagang magbukas ng Order of the State Public Health Officer. Karagadagan sa mga kondisyong ipinataw sa mga partikolar na mga programa ng Gobernador, itong tipo ng mga programa ay dapat din sumunod sa mga kondisyon na inihatag ng checklist na ito para sa youth sports.

Tandaan na ang protocol na ito ay para sa recreational sa mga liga ng youth sports (pang kabataan), club sports, travel sports, at mga sports na ini-sponsor ng mga estudyante ng mga pribado at public schools sa TK-12 schools.

Hindi ito para sa mga liga ng adult sports pati na rin ang sports pang kolehiyo, o amateur adult sports, na mananatiling sarado ayon sa State Health Officer Order. Hangga't walang notisya, lahat ng mga youth sports ay dapat isagawa sa labas.

NOTA: Isang City Permit ang kailangan i-isyu para maisagawa ang mga youth sports sa mga City parks at sa mga beach.

- **Dapat sumunod ang mga Youth Sports Programs sa Protocols para Public Swimming Pools (Appendix K).**
- **Mga opisina ng Youth Sports Programs ay dapat sumunod sa Protocols ng mga Opisina (Appendix G).**

  Paki Tala: Ang dokumentong ito ay maaari pang mabago sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon tiyakin i-check ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa mga regular na pagbabago ng dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang:

(1) Proteksyon at suporta ng manlalaro at kalusugan ng coach

(2) Sinisegurado ang pagsagawa ng ang na-angkop na physical distancing

(3) Sinesegurado ang wastong kontrol ng impeksyon

(4) Komunikasyon sa publiko

(5) Sinisegurado ang pantay-pantay na akseso sa mga serbisyo

Ito ang limang mga aspeto na dapat matugonan habang ang inyong programa ay nagbubuo ng anumang mga protocol.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Lahat ng Youth Sports Team ay dapat mag-implementa ng lahat ng naangkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagapaliwanag kung bakit ang hakbang na hindi naimplementa ay di naangkop.

Pangalan ng Youth Sports Team/League: _____

Pangalan ng Coach at Direksyon ng Pasilidad:_____

_____

A. MEASURES TO ENSURE PLAYER AND COACH SAFETY

- ☐ **Physical distancing na 6 talamapakan sa pagitan ng player at coach ay kailangan sa lahat ng oras.** Mga youth sports activities ay limitado sa mga laro na mapapayagan ang physical distancing ng coach ang ng mga player sa lahat ng oras, at mayroon 8 talampakan na distansya sa oras ng mabigat na aksyong pisikal. Mga non-contact sports at mga contact sport ay maaring magsagawa ng mahigit pa sa mga sumusunod, pag-training, pag-kondisyon at mga aktibidad ng pagpapahusay.

  "**Contact sports**" ito ay ang anumang sport na ang player ay may touch, tackle at lumalapit sa sa kalaro ng menos sa 6 talamapakan, o kung magkakabangga bilang bahagi ng sport, kasama na ang sport na ang player ay kukunin ang bola sa kalaban.

  "**Non-contact sports**" ito ay anumang sport na ang mga naglalaro ay nakikipag unahan para mapanatili ang 8 talampakan na distansya sa pagitan ng ibang kalaro habang nag-papractice. Mga halimbawa ng contact sports ay tennis, golf, track and field, cheerleading (walang mga tumbling), weightlifting, gymnastics, rowing o sailing mag-isa at swimming.

- ☐ Lahat ng youth sporting events, pati ang mga tournaments o mga kompetisyon ay hindi pinapayagan sa ngayon. Mga practice games ng mga players ng isa mismong team (intra-squad games, unahan, o labanan) ay pinapayagan para sa non-contact sport basta mapanatili ang minimum na physical distance.

- ☐ Hanggang walang pang bagong notisya, lahat ng mga aktibidad ay gagawin sa labas. Maaaring gumamit ang mga team ng tolda, o iba pang mga shelter sa araw, pero dapat ang tagiliran nito ay bukas at may bastanteng hangin na dumadaloy.

- ☐ Lahat ng mga player, coach at mga pamilya at bisita ay kinakailangan magsuot ng takip sa mukha na sakop ang ilong at bibig sa lahat ng oras, maliban sa pag-swimming, pag-shower, pag-kain at pag-inom, o kung mag-isang nagsasanay tulad ng jogging mag-isa. Ito ay na-aangkop din para sa mga adultos at mga batang 2 taon at mahigit. Mga mask na my one-way valve ay hindi maaaring gamitin. Mga indibidwal lamang na pinagbawalan ng kanilang doktor na mag-mask gawa ng isang kondisyong medikal, kondisyong mental or kapansanan ang hindi kasali sa patakarang ito. Mga player ay dapat magpahinga mula sa ensayo kapag nahihirapang huminga at kailangan magpalit ng mask kung ito ay maging basa o dumidikit sa mukha ng player at nagagambala ang paghinga. Ang mga mask na nagpapasikip ng daloy ng hangin habang matindi ang galaw (tulad ng N-45) ay hindi pinapayong gamitin.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ☐ Magsasagawa ng screening bago sumali ang mga players at coach sa mga sports activities. I-checheck kung may lagnat, ubo, maikling paghinga, nahihirapang huminga at lagnat o chills, at anupang mga sintomas at kung ang tao ay may nalapitan na may COVID-19 sa loob ng huling 14 araw. Itong mga pag-check ay maaaring gawin sa personal o sa mga alternatibong paraan tulad ng mga online check in.
  - ☐ Kung walang sintomas at walang hinala na may nalapitang may COVID-19 nung huling 14 araw, sila ay papayagang sumali sa araw na iyon.
  - ☐ Kung ang tao ay may nalapitan na taong hinihinalang may COVID-19 sa loob ng huling 14 araw sila ay kailangan pa-uwiin at ipag-quarantine sa bahay. Bigyan silan ng mga instruksyon ng quarantine na nahahanap dito.
  - ☐ Kung ang tao ay mayroong sintomas katulad ng na sa itaas pa-uwiin sila at agad na mag-isolate sa bahay. Bigyan silan ng mga instruksyon ng quarantine na nahahanap dito.
- ☐ Anumang lugar kung saan ang mga players ay naka-upo hindi sa field o court (e.g. bench, dugout, bullpen) ay dapat ayusin ng makalikha ng karagdagang upuan nang makapag-physical distancing ang mga player at empleyado.
- ☐ Mga Youth Sports Program ay dapat ma-segurado na ang mga player ay manatili palagi sa isang grupo nang mabawan ang panganib ng pag-hawa (tignan ang patnubay - CDC Guidance on Schools and Cohorting)
- ☐ Tignan kung maaaring baguhin ang mga aktibidad sa mas maliliit na grupo. Mga aktibididad ay dapat ayusin para sa seguradong physical distancing.
- ☐ Kung kayang gawin, hinihikayat na magdala ng sariling equipment ang mga players (bats, golf clubs, racket) para mag-practice at huwag maghiraman. Kung maghihiraman ng equipment, ito ay dapat i-disinfect ng makaiwas sa panganib ng COVID-19.
- ☐ Mga player at mga coach ay dapat gumamit ng hand sanitizer kapag may break sa laro (pagtigil sa bawat period o inning), kung ang aktibidad ay may pasahan ng bola.
- ☐ Para sa intra-squad scrimmages o practice na laro para sa mga non-contact sports, mga coach, opisyal at mga umpire/referee ay mapanatili ng 6 talampakan mula sa mga player sa lahat ng oras.
- ☐ Mga player, coach at mga empleyado ay bawal makipag-kamayan, high five at iba pang pisikal na pagbati para mabawasan ang posibleng pagkalat ng sakit.
- ☐ Ang mga sports team na may banyo at mga locker ay maaaring pumunta doon para makapag-hugas ng kamay, magpalit, mag-shower at gumamit ng restroom. Huwag sabay sabay na magpunta sa locker room o restroom para makapag physical distancing habang nasa loob.
- ☐ Mga locker room o restroom na ginagamit ay madalas dini-disinfect sa sumusunod na iskedyul
  - ☐ Locker rooms _____
  - ☐ Restrooms _____
  - ☐ Iba _____
- ☐ Gagamit ng hand sanitizer ang mga player at coach kung hindi posible ang paghugas. Tandaan: mas mabisa ang paghugas kaysa sa hand sanitizer, lalo na kung na kitang kita na madumi ang mga kamay.
- ☐ Kailangan bantayan ng mga adulto ang mga bata sa paggamit ng hand sanitizer. Tumwag sa Poison Control kung naisubo: 1-800-222-1222. Ethyl alcohol-base na hand sanitizers ang pinipili at dapat gamitin kung gagamiting ng mga bata na walang superbisyon. Ang isopropyl na hand sanitizer ay nakakalason at maaaring sipsipin ng balat.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ☐ Sabihan na magdala ng kanilang sariling tubi o bumili ng bottled water. Mga water fountain ay para sa paglagay lamang ng tubig sa bote. Hindi dapat maki-inom sa bote ng iba ang mga player.
- ☐ Piliin ang mga panlinis na aprubado ng Environmental Protection Agency (EPA) laban sa COVID-19 at sundin ang mga instruksyon. May mga laman ito na hindi ligtas para sa mga may hika.
- ☐ Gumamit ng mga disinfectant na mabisa laban sa mga umusubong na mga pathogens, sundin ang mga direksyon sa tamang paggamit at gaano katagal ang kontak. Bigyan ng training ang mga staff sa hazards ng mga chemical, direksyon at mga tagubilin ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit.
- ☐ Mga custodial staff na may responsibilidad na maglinis at mag-disinfect ng sityo ay dapat may wastong protective equipment, kasama ang mga gwantes, proteksyon sa mata (goggles), sa proteksyon sa paghinga at iba pang mga protective equipment na kinakailangan na sumusunod sa instruksyon ng produkto. Lahat ng mga produkto ay di dapat maabot ng mga bata at nakatabi sa isang lugar na limitado ang may akseso.
- ☐ Mga empleyado ay nasabihan na huwag pumasok kapag may sakit, o kung sila ay may nalapitan na may COVID-19. Alam ng mga empleyado na sundin ang DPH guidance para sa self-isolation at quarantine. Kung naaangkop. Mga patakaran hinggil sa pag-leave sa trabaho ay pinag-aralan at inamyendahan para makaseguro na ang mga empleyado ay di maparasuhan kapag manatili sa bahay kapag may sakit.
- ☐ Binigay sa empleyado ang impormasyon sa mga leave benefits na inisponsor ng employer o ng gobyerno na karapatdapat matanggap ng empleyado na magiging mas madali para sa kanila na kumita habang nasa bahay ay na ibigay na sa mga empleyado. Tignan ang mga karagdagang mga impormasyon sa mg programa ng gobyerno hinggil sa COVID-19, kasama na ang karapatan ng sick leave sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act ang mga karapatan ng mg a empleyado sa mga benepisyo ng workers compensation at pagkakahawa sa COVID-19 alinsunod sa Governer's Executive Order N-62-20.
- ☐ Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate sa bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akseso o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19. Tignan ang pampublikong patnubay sa kalusugan sa responding to COVID-19 in the workplace.
- ☐ **Employee screenings ay gagawin bago pumasok ang mga empleyado. Kailangan i-check kung may buo, maikling paghinga, nahihirapang huminga at may lagnat o chills at kung ang empleyado ay may nalapitang may COVID-19 sa loob ng huling 14 na araw. Itong mga pag-check ay maaring gawin sa malayo o sa pagdating ng empleyado. Pag-check ng temperatura ay maar din gawin sa trabaho kung magagawa.**
- ☐ Kung sakaling 3 o mahigit pang kaso ang malaman sa mga miyembro ng youth sports team sa loob ng 14 araw, ang coach o ang liga ay dapat i-report itong pagkakasakit na ito sa department of Public Health sa (562)570-INFO.
- ☐ Mga empleyado na lumalapit sa ibang mga tao ay bibigyan ng libren angkop na pantakip sa mukha na sakop ang ilong at bibig. Ang takip ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras habang nagtratrabaho o kung lalapit sa ibang tao. Mga empleyado na pinagbawalan ng doktor na magsuot ng takip ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulon, ito ay dapat

sumunod sa mga State Directives, basta ito ay pinapayagan ng kanilang kondisyon. Kung maaari ang drape ay hapit sa ilalim ng baba. Mga mask na may one-way valve ay di dapat gamitin. Mga empleyado ay hindi kailangang mag-mask kapag mag-isa sa isang pribadong opisina o cubicle na may harang na lagpas sa taaas ng empleyado kapag nakatayo.

- ☐ May instruksyon na hugasan ang mga pantakip sa mukha araw-araw.
- ☐ Mga empleyado, coach at mga miyembro ng youth team ay pinaalalahanan na sumunod sa mga personal na prebensyon tulad ng:
  - ☐ Manatili sa bahay kapag may sakit.
    - Manatili sa bahay hanggang 10 araw na lumipas simula ng unang lumabas ang sintomas AT 24 oras pagkatapos gumailing, ibig sabihin ang lagnat ay patuloy na gumaling ng di umiinom ng gamot na pampababa ng lagnat at gumaling ang mga sintomas (hal. ubo, maikling paghinga)
    - Kung kayo ay nag-positive uli sa COVID-19 pero hindi nagkaroon ng sintomas, manatili muli sa bahay hanggang:
      - 10 araw pagkatapos ng araw na unang magpositive test pero,
      - Kung magkaroon ng sintomas, kailangan sundin ang mga instruksyon sa itaas.
  - ☐ Dalasan ang paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi kukulang sa 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng sanitizer na gawa sa alkohol na may hindi kukulang sa 60% alkohol. Hugasan ang mga kamay bago kumain, pagkatapos gumamit ng banyo at pagkatapos umubo at bumahing.
  - ☐ Takpan ang inyong pagubo at pagbahing ng tisyu at pagkatapos itapon ang tisyu at agad hugasan ang mga kamay. Kung walang tisyu, gamitin ang siko (huwag ang mga kamay).
  - ☐ Huwag hawakan ang bibig, mata, ilong ng di hinugasang mga kamay.
  - ☐ Iwasan ang paglapit sa mga taong may sakit.
  - ☐ Iwasan ang pagpapagamit ng telepono o iba pang mga devices. Kung ang mga devices ay kailangang ipahiram, seguraduhing punasan ng disinfectant wipe bago at pagkatapos ipahiram.
  - ☐ Palaging obserbahan ang inyong distansya sa kapwa katrabaho. Palaging panatiliin ang rekomendadong 6 feet na separasyon sa iba maliban na lamang kung may partikolar na trabaho na kinakailangang lumapit at magsuot ng pantakip sa mukha pag nagtatrabaho malapit o kasama ng ibang tao.
  - ☐ Idisinifect ang mga madalas na hinahawakan na mga bagay at mga ibabaw tulad ng workstations, keyboards, telepono, hawakan, makina, device na hiraman at mga doorknob. Kailangang itong gawin sa lahat ng oras ng operasyon.
  - ☐ Mga kopya ng protocol na ito ay naipamigay sa lahat ng mga empleyado.

B. PROTOCOL NG MAINTENANCE

- ☐ Mga pagkumpol kumpulan ng mga grupo ay bawal, mga banko at mesa ay tinanggal o kinordonan dahil hindi maaaring gamitin.
- ☐ Sina-sanitize ng madalas ang mga bagay na palaging ginagamit.
- ☐ Sina-sanitize ng mga madalas ang mga equipment bago ito gamitin at pagkatapos.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ☐ Sin-sanitize ang restroom ng madalas.
- ☐ Mga water fountains ay para lamang sa paglagay ng tubig sa bote.

C. MGA PROTOCOL NG PAG-MONITOR

- ☐ Karatula ng instruksyon at impormasyon ay nakapaskil sa buong pasilidad tungkol sa kontrol ng impeksyon, physical distancing at ang paggamit ng takip sa mukha. Mga online outlets ng mga Youth Sports Program (website, social media) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa physical distancing at paggamit ng takip sa mukha.
- ☐ Mga karatula ay nakapaskil na nagsasabi sa bisita na manatili sa bahay kung may sintomas ng sakit pang respiratoryo.
- ☐ Mga coach at manager ng liga ay mag-momonitor sa pagsunod ng mga naka paskil na mga alituntunin.
- ☐ Mga kasali ay paalisin kung hindi sususod sa mga alituntunin.

Ano pa mang mga karagdagang mga hakbang na hindi naisali dito ay dapat ilista sa hiwalay ng mga pahina at na ilalakip ng youth sports coordinator sa dokumentong ito.

Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao sa anumang tanong o komento tungkol sa protokol na ito.

Youth Sports Leadership
Pangalan ng Kontak:_____Telepono: _____

Petsa ng Huling
Pagbabago:_____

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV